

1

“Jeremy is coming home.”

“Jeremy?” Kita ni Marnie sa mukha ni Lori ang pagkalito sa pangalang inulit nito. Nakita rin niya na ilang segundo ang lumipas bago naisip ng kaibigan kung sino ang Jeremy na tinutukoy niya. “Oh, my God!” bulalas nito.

Tumango siya. “Yup. Oh, my God, talaga.” Uminom siya ng juice mula sa basong kanina pa niya hawak para makaiwas sa nanunuring tingin ng kaharap. Nandoon sila sa lanai at nakaupo sa garden chair.

“Eh, bakit parang hindi ka natutuwa? Hindi ba ito na ang pinakahihintay mo?”

Ibinaba niya ang baso sa glass top ng lamesa, tiningnan muna niya ang kaibigan bago nagsalita.

“He is getting married.”

Napanganga ito kasabay ang panlalaki ng mga mata.

Sinundan ng daliri niya ang ang pabilog na bakat ng tubig kung saan niya ipinatong ang baso sa mesa.

“Kaya siya uuwi. Gusto raw niyang ipakilala sa *pamilya* niya ang babaeng papakasalan niya.”

“Marnie?”

Alam niya ang ibig sabihin ng tanong sa tinig nito dahil si Lori ang tanging nakakaalam ng tunay na nararamdaman niya para kay Jeremy.

“Okay ka lang ba?”

“Ella raw ang pangalan n’ung girl,” sabi niya.

“Marns?”

“Pinay rin pero nag-aral at nagtatrabaho ngayon sa US. Two years na silang mag-steady...” patuloy niya.

“Marns,” may pag-aalala na sa pagtawag ng kaibigan sa kanyang pangalan. Marahil ay naririnig na nito ang hysteria na nagsisimulang mabuo sa dibdib niya.

“Hindi ko yata kaya.”

Iyon lang ang nasabi ni Marnie bago gawin ang kanina pa niya gustong gawin. Kanina pa mula nang sabihin sa kanya ng mommy niya ang balita. Sumubsob siya sa dalawang kamay niya at nagsimulang umiyak.

Jeremy Takes A Bride - Carla Giopaolo

The only man she had ever loved was coming home and she was going to lose him.

Again.

Or forever?

Unang dumating sa bahay nila si Jeremy noong ten years old siya.

Marahil ay isa lang sana iyong ordinaryong araw sa buhay ni Marnie bilang natatanging anak at prinsesa sa marangyang tahanan nila. Tulad ng nakagawian kapag galing ang daddy niyang si Carlitos Fortaleza mula sa ilang araw na biyahe, ginising siya nito nang maaga.

“Hi, Daddy!” Yumakap siya sa ama.

Nasa silid din ang kanyang mommy. Umupo si Nina Fortaleza sa tabi nilang mag-ama bago nagsalita, “Baby, Dad has something very important to tell you.”

Umaasang tumingin siya sa ama. Mahilig siya sa mga sorpresa at mga pasalubong na parating dala nito kapag galing sa ibang lugar. Subalit hindi ang inaasahan niyang uri ng sorpresa ang dala nito noong araw na iyon.

Jeremy Takes A Bride - Carla Giopaolo

Nagsimulang magsalita si Carlitos. "Honey, ganito kasi iyon. Daddy had a best friend in college. Hindi mo siya kilala kasi lumipat na sila ng pamilya niya sa Dumaguete a long time ago. Siguro mga two years old ka pa lang noon."

"Yung kaibigan ni Daddy at saka iyong asawa niya, they had an accident and they both died," pagpapatuloy ni Nina.

Sa edad noon ni Marnie, wala pa siyang masyadong konsepto ng kamatayan o trahedya. She had lived a sheltered life na hindi pa nakakaranas ng kahit anumang sakuna. Pero nang mga sandaling iyon, bahagya siyang nakaramdam ng awa sa para ama.

Nagsasalita pa rin si Nina, "May naiwan silang isang anak. His name is Jeremy Coronel. Wala na silang kamag-anak dito sa Pilipinas. Binilin ng daddy ni Jeremy bago ito namatay na sa daddy mo ipagkatiwala 'yung anak nila. Your dad and I talked about it at nagdesisyon na dito na lang siya sa atin." Hinaplos nito ang buhok niya. "Hindi ba maganda iyon, baby? Parang magkakaroon ka na rin ng brother."

That had been the wrong thing to say to her.

A brother?

Bakit niya gugustuhing magkaroon ng kapatid?

Hindi niya gusto ng kapatid! At mas lalong hindi niya gusto ang isang lalaking kapatid. Lagi niyang naririnig na sinasabi ng daddy niya sa mga kaibigan at bisita nito na anak na lalaki na lang ang kulang para makompleto silang pamilya.

Hindi iyon totoo as far as she was concerned. Masaya siyang mag-isa. Solo niya ang lahat. Siya lang ang love ng kanyang mommy at daddy. At iyon lang ang gusto niya. Wala siyang intensyon na maki-share kahit kanino sa pagmamahal ng mga magulang. No way!

“I don’t want a brother!” malakas na sabi ng paslit.

“Marnie!” sabay na nagsalita ang kanyang mga magulang. Marahil ay hindi inaasahan ng mga ito ang ganoong reaksyon mula sa kanya.

Hindi na niya masyadong maalala ang detalye ng mga sumunod na nangyari. Alam niya lang na nagalit sa kanya ang ama at sa kauna-unahang pagkakataon ay pinagtaasan siya nito ng boses na sinuklian niya ng isang matinding temper tantrum.

Umiyak si Marnie, nagsisigaw pero ang mga magulang na kinasanayan niyang sumusunod sa lahat niyang gusto ay hindi nakinig sa kanya sa kauna-unahan ding pagkakataon.

Jeremy Takes A Bride - Carla Giopaolo

Jeremy was going to stay at their home whether she liked it or not, she was told.

Iyon ang dahilan kung bakit hindi pa niya nakikita ang tinutukoy ng mga ito, inakala niyang nawala na ang pagmamahal ng mga magulang sa kanya dahil sa lalaki.

“I hate him! I don’t want to see him!” sigaw niya.

At para patunayan iyon, tumanggi siyang bumaba para kumain ng almusal at gayundin ng tanghalian.

Alas dos na ng hapon nang marinig niyang nagbukas ang gate nila. Nang sumilip siya sa bintana ng silid, nakita ni Marnie ang mommy niyang sumakay sa passenger side ng kotse. Sigurado siya na ang daddy niya ang nagda-drive.

Mabuti naman, isip ng bata, dahil bukod sa gutom na gutom na siya ay kaninang-kanina pa siya nauuhaw. Dahil umalis na ang mga magulang, ligtas na para bumaba siya sa kusina.

Hindi niya inasahan ang natagpuan niya roon.

Nakatayo ang isang binatilyo sa gilid ng refrigerator, hawak ang isang baso ng malamig na tubig. He was about thirteen, mukhang artista kaya lang ay mas maitim ito. Tinitingnan din siya nito, anyong

naghihintay ng gagawin niya.

Wala siyang kaduda-duda na ang batang lalaking iyon ay... si Jeremy!

Sumimangot si Marnie para ipaalam ang nararamdaman niya para rito.

“Yaya Merce!” tawag niya sa maid nila. “I want orange juice!”

Noon lang nagsalita ang batang lalaki. “Please.”

Tiningnan niya ito nang matalim.

“What?”

“Sabi ko, say please.”

Lalo niya itong inirapan, with a haughtiness na kaya lang ipakita ng isang ten-year-old spoiled brat who had always gotten her way except that morning.

“Pakialam mo,” sabi niya.

“Oh, I see, you’re a brat,” saad nito.

“Yes. I am and I don’t want you here.”

Iyon ang mga unang sinabi niya sa batang lalaki. Iyon din ang nag-set ng tono ng magiging pakikisama niya kay Jeremy.

Lumaki siyang iniisip na si Jeremy ang pinakaayaw niyang tao sa buong mundo. Samantala, ang daddy naman niya ay nagsimulang makita si Jeremy bilang ultimate source ng pride nito. Habang siya ay bahagya lang na pumapasa sa mga subjects sa elementary school, si Jeremy ay nagtapos na salutatorian. Sana nga ay valedictorian pa ito pero naungusan ito ng puntos dahil transferee sa school nila. Bukod pa sa dahilang tumigil ito nang isang taon sa pag-aaral nang namatay ang mga parents nito. Mid-school pa noon nang maulila ang binatilyo.

Nang pumasok si Marnie sa first year high school, si Jeremy ay isa nang junior student at official campus crush ng buong paaralan kung saan sila parehong in-enroll ng kanyang mga magulang.

Tinanghal siya bilang *Miss Freshman* pero ang binatilyo ay captain ng varsity sa basketball, he was at the top of his class sa honor section at paniguradong presidente ng student council sa susunod na school year.

Jeremy was the all-around superstar sa school at maging sa bahay nila.

“Grabe, Marnie! Sobrang cute ng brother mo.

Pakilala mo na kasi kami.”

Hindi iyon ang first time na nakarinig siya ng ganoong request. Sa pagkakataong iyon, si Shai na kabarkada niya ang nagsalita.

Lima silang thirteen-year-olds na nakatambay sa canteen ng eskuwelahan. Kadaraan lang ni Jeremy na hindi niya pinansin kahit pahapyaw lang.

“Hindi ko kaya brother si Jeremy,” inis na sagot niya.

“Ano ka ba? He’s almost your brother dahil in-adopt siya ng parents mo, ‘no!’”

“Oo nga, inampon siya nina Mommy at Daddy but not officially. At saka ang operative word ay almost. Hindi ko siya kapatid. Only child ako. We are just his foster family.”

Tumayo si Marnie pagkasabi niyon, iniwan ang mga kabarkada nang walang sabi-sabi. Nasira na ang araw niya dahil sa mga ito.

Totoo na hindi official ang adoption ng mommy at daddy niya sa kinaiinisang binatilyo. Nang maaksidente ang mga magulang ni Jeremy, nabuhay pa nang ilang oras ang ama nito sa hospital. Sa panahong iyon, nakuha nitong ihabilin na ang

Jeremy Takes A Bride - Carla Giopalo

tumayong legal guardian ng kaisa-isang anak ay ang pinakamatalik nitong kaibigan, ang daddy ni Marnie na si Carlitos Fortaleza, hanggang makarating sa tamang edad ang bata at kaya nang magsarili.

Iniwan din ng mga magulang nito ang lahat ng ari-arian kay Jeremy. Mas mayaman pa ito kaysa sa kanila.

That arrangement had suited her quite perfectly. Hindi niya kailanman itinuring na kapatid si Jeremy sa kabila ng ilang taong pagsasama nila sa loob ng isang bahay tulad ng isang pamilya. Sama-sama silang nagbabakasyon at nagsi-celebrate ng mga importanteng okasyon. Pero para sa kanya, si Jeremy ay isa lamang overstaying na bisita.

Katulad ng isang tunay na kontrabida sa mga soap operas, marami na rin siyang ginawa para magmukhang masama ang lalaki at magalit dito ang mga magulang.

Her only one intention—to make Jeremy's life miserable para umalis na ito sa bahay nila o kaya naman ay pasamain ang reputasyon nito sa harap ng kanyang mga magulang para palayasin na lamang ito.

Kapag binabalikan ni Marnie ang panahong iyon, alam niya na hindi maganda ang kanyang mga

ginawa.

But she was ten when it all started and she didn't know any better.

Nakakatawa lang na habang ginagawa niya ang mga bagay na ikakasama ni Jeremy, higit itong napapamahal sa mga magulang niya, lalung-lalo na sa kanyang ama.

Typical na ang eksenang ganito sa dining table nila kung oras ng hapunan...

“Marnie, kumusta ang results ng mga exams mo?”

Nilunok niya ang kinakain na parang babara iyon sa lalamunan niya bago sumagot sa katanungan ng ama.

“Okay naman po.”

“Okay? Ibig sabihin, pasang-awa ka na naman?”

“Daddy, there are other things in life other than grades, okay? Besides, di pa naman ako bumabagsak.”

Nagbuntong-hininga si Carlitos. “Hindi nga. Pero alam ko na matalino ka at capable ka ng mas mataas na grades kaysa pasang-awa lang. Imbis kasi na puro barkada, sana gayahin mo si Jeremy; marami rin siyang ginagawa pero he manages his time perfectly.”

Jeremy Takes A Bride - Carla Giopaolo

Tiningnan niya nang masama ang binatilyo. Para bang kasalanan nito na nasa hot seat siya.

Ito naman ay umiwas lang ng tingin sa kanya, halatang hindi komportable sa sinasabi ng daddy niya.

Tumikhim si Nina, para paalalahan ang asawa na mas maging sensitive sa pag-init ng ulo ng kanilang anak. Pero hindi iyon napansin ni Carlitos na nagpatuloy pa rin sa pagsesermon sa nag-iisang tunay na anak para gawing modelo ang batang kinupkop lamang nito.

Pikon na itinulak ni Marnie palayo ang platong kinakainan. Wala na siyang ganang kumain. Ang gusto niyang gawin ay umiyak sa sobrang inis.

“I am not Jeremy, okay?” huling salita niya bago lumabas patungong garden.

Sa kanilang hardin ay may pares ng swing na ang bawat isa ay pangdalawang tao. Umupo siya sa isa sa mga duyan. It was her happy place. Kapag nagagalit siya o nalulungkot, doon siya tumatambay para ayusin ang sarili.

Ang sama ng loob niya sa ama dahil wala nang magaling para rito kundi si Jeremy.

Parati na lang si Jeremy!

Jeremy Takes A Bride - Carla Giopaolo

Sumunod sa kanya ang eksaktong taong kinaiinisan niya. Tumayo ito sa tabi ng swing, nakatingin sa kanya.

“Go away!” malakas na sabi niya.

“I’m sorry, Marnie.” Hinawakan nito ang bakal na nagsasabit ng swing na inuupuan niya.

Tiningnan niya ito nang masama, her eyes filled with tears of frustration.

“I said, go away!”

Nagagalit siya dahil alam niya na kung wala si Jeremy, hindi siya kailangang maikumpara kahit kanino. And she hated him for that.

Ang binatilyo naman ay hindi pumapatol sa mga pinaggagawa niya. Nanatili itong maayos sa pakikitungo sa kanya. Tulad noong isang araw ay na-late siya ng labas ng classroom dahil may tinapos silang presentation ng mga kaklase para sa susunod na araw.

Naabutan niya sa labas ng silid ang kanyang kaaway.

Kaya naman pala nagsisikuhan ang mga naunang groupmates nang lumalabas ang mga ito.

Nakasandal si Jeremy sa pader ng katapat nilang

classroom, pero dumerecho ito ng tayo nang makita siya. Sinalubong na siya nito.

Nakangiti ito kahit na sa tanang buhay nila ay madalang pa sa patak ng ulan sa tag-init kung gantihan niya ito ng ngiti. “Nasa labas na si Mang Toto, sabi ko susunduin na kita,” pagbibigay-alam nito.

Tumingin siya paitaas para iparamdam ang hindi niya pagkagusto sa presence nito, sabay inayos ang ilang librong hinawakan na lang niya sa halip na ilagay sa loob ng bag.

Ang higit niyang kinaiinisan sa lahat ay ang katotohanan na kahit ano ang gawin niya, mabait pa rin sa kanya si Jeremy. Protective din ito at mapagalaga.

“Ako na ang magdadala niyan,” alok nito.

Napansin marahil ng lalaki na nahihirapan siyang ibalanse ang mga hawak na libro. Nataon namang pagkasabi nito ng pangungusap na iyon ay nahulog ang mga libro sa sahig.

“Sure,” sagot niya, sabay lakad palampas dito.

Naiwan si Jeremy, campus heartthrob at high school hero, na namumulot ng mga librong iniwan niya sa sahig.

Ang totoo, hindi naman walanghiya si Marnie. Mabait siya sa ibang tao. Pero iba siya parati kay Jeremy. He had just always seemed to bring out the worst in her.

Ang hindi niya malaman ay kung kailan exactly nagbago mula pagkainis ang nararamdaman niya para rito. May mga hinala siya ukol dito dahil may mga eksenang nananatiling maliwanag sa kanyang memorya.

Isa na roon ay iyong nasa second year siya at tulad ng dati ay nasa tambayan siya sa school cafeteria kasama ang mga kabarkada.

Masama ang pakiramdam niya noon. Mainit ang lumalabas sa mga mata niya. Masakit ang kanyang mga buto at parang may mga alimango na nakakapit sa lalamunan niya.

Dumating ang kabarkada nilang si Tina na sumalampak ng upo sa tabi nila.

“Haay, naunahan na tayong lahat,” anunsyo nito.

“Saan?” tanong ni Lori na nagsusuklay ng buhok.

Ininguso nito ang ibig sabihin.

Sabay-sabay silang tumingin sa direksyong tinukoy ng kaibigan.

Jeremy Takes A Bride - Carla Giopaolo

Si Jeremy ang nakita nila na may kausap na isang magandang babae, isang senior student din tulad nito.

“Oh, no!” bulalas ni Shai, ang biggest fan ni Jeremy. “Sila na ba?”

“Yup,” kumpirma ni Tina. “I got it from a very reliable source. Pero baka mas may alam itong kaibigan natin,” sabi nito na si Marnie ang tinutukoy.

Hindi siya nagsalita pero ang nararamdaman niya ay parang lalong sumama ang kanyang pakiramdam.

“Okay ka lang ba?” tanong ni Lori.

“I’m not feeling well,” sagot niya, hindi inaalís ang tingin sa kinaroroonan ni Jeremy.

Hinawakan siya ng kaibigan sa leeg para tingnan ang kanyang temperatura. “Oh, no! Marnie, may fever ka nga yata.”

Tumayo ulit si Tina. “Dalhin ka namin sa clinic. Wait, alam ko na! Tawagin ko kaya si Jeremy para samahan ka.”

Nakahanap ng paraan para kausapin ang lalaki, akmang tatalikuran sila nito para pumunta sa tinukoy.

Napatayo bigla si Marnie para pigilan ang kaibigan. Nahilo tuloy siya sa biglaang paggalaw.

Jeremy Takes A Bride - Carla Giopaolo

Napatutop siya sa noo and then, everything went black. Ang sunod niyang naalala ay nang magising siya sa clinic, may humahaplos sa kanyang noo.

“Jeremy,” mahinang sabi niya nang magmulat at makitang nakaupo ito sa gilid ng kamang hinihigaan niya.

“I’m here. Tinawagan ko na sina Tita. Darating na sila mayamaya para sunduin ka,” paliwanag nito.

Talagang nanghihina siya at parang wala siyang lakas para manatiling gising.

“Jeremy, dito ka lang, ha. Huwag mo kong iiwanan dito,” pabulong na sabi ni Marnie.

“Sige, matulog ka na. Babantayan kita,” narinig niyang tugon ng lalaki bago siya muling maidlip.

Isang linggo siyang may trangkaso. Isang linggo ring maagang umuuwi ng bahay si Jeremy para alagaan siya.

“Hmm... mabait ka pala kapag may-sakit,” biro nito habang ipinagbabalat siya ng mansanas. Alam nitong ayaw niyang kainin na may balat ang prutas na iyon.

Inirapan niya ang lalaki.

Jeremy Takes A Bride - Carla Giopalo

Ngiti ang iginanti nito sa kanya. And his smile was tender. And kind. And beautiful. And it did something to her very young heart.

2

Nang gumaling si Marnie mula sa pagkakasakit, balik sa dati rin ang relasyon nila ni Jeremy.

Siguro alam na niya noon na deep inside her, something had changed. At iyon ang gusto niyang itago kaya kontra sa bago niyang nais na pakikitungo rito, bumalik siya sa dating pagtrato kay Jeremy.

Kalimitan ay masungit siya rito. Subalit may mga sandaling nakakalimutan niyang pigilan ang mga reaksyon kapag nakikita ito.

“Selos ka, ano?” Tinampal ni Lori ang balikat niya para kunin ang kanyang atensyon.

“Ano kaya’ng pinagsasabi mo riyan?” asik ni Marnie.

“Sis, kanina pa kita tinitingnan. Ang sama ng tingin mo kina Jeremy at Jenny.”

“Hindi, ano! Naiinis lang ako kasi sobrang arte.”

Kumunot ang noo nito. “Sino?”

“That Jenny. Kung umasta ang babaeng ‘yan, parang siya talaga ang may-ari kay Jeremy.”

“Sus! Talaga namang technically, siya ang may-ari ngayon kay Jeremy. Eh, bakit ka ba naiinis? Siguro, may gusto kay Jeremy, ano!” nanlalaki ang mga mata na bulalas nito.

“No way.”

Dahil sa nahalata ni Lori, lalo tuloy natakot si Marnie na magkaroon ng ganoon ding obserbasyon ang iba pang tao ukol sa nararamdaman niya. Kaya naman kahit lumalambot na ang kanyang puso kay Jeremy ay patuloy pa rin niyang ipinapakitang hindi niya ito gusto.

Sa pagdaan ng panahon ay mas nararamdaman niyang kaiba na ang feelings niya para sa lalaking kinupkop ng mga magulang. Gusto niya itong parating nakikita, naiinis siya kapag kasama nito ang girlfriend o kapag kinakailangan nitong mag-stay sa school nang mas matagal kung kaya hindi makakasabay sa kanya sa kotse.

Nang maka-graduate ng high school ay nagenroll si Jeremy sa *Ateneo de Manila University*. Nag-iba ang schedule nito at mas bihira na silang magkita. Nami-miss niyang nakikita ito sa campus. Nami-miss niyang sabay silang pumasok sa eskuwela para umuwi. Nami-miss ni Marnie ang mga umagang inaabutan niya ito sa hapag-kainan kung almusal.

Samantala, sa eskuwelahan ay nagsisimula nang maging mag-boyfriend at girlfriend ang mga kaibigan at kaklase niya. Nag-uusap na ang mga ito tungkol sa love. Nang mga panahong ding iyon ay nagkaroon ng pangalan ang tunay na nararamdaman niya para sa lalaki—love.

It was during those times when she knew with certainty that she was in love with Jeremy. Kaya naman noon din ay nagsimula siyang mag-aral nang mabuti. May nagsabi kasi sa kanya na kasama raw sa kino-consider sa college admission ng *Ateneo* ang grades ng third year at fourth year high school.

May mindset siya noon. Kailangan niyang makapasok sa *Ateneo* to be with Jeremy!

Tunay na pinagbutihan niya ang performance sa kanyang mga subjects. From being in the lower fifty percent of the class standing, tumaas siya sa upper twenty-five percent bago matapos ang third year. Pagdating ng fourth year ay nasa honor roll na siya.

Pero hindi ang mga medalya sa high school ang mahalaga kay Marnie. Ang mas importante ay ang hinihintay niyang sulat na magmumula sa *Ateneo* Office of Admission.

Jeremy Takes A Bride - Carla Giopaolo

Isang araw ay dumating na ang pinakahihintay ni Marnie. Iniabot sa kanya ng maid ang isang envelope na may tatak na blue eagle sa kaliwang bahagi.

Abut-abot ang kabang binuksan ng dalaga ang sobre.

She almost screamed nang makita ang resulta.

Pasado siya!

Siguro dahil sa sobrang tuwa, nakalimutan niyang she was supposed to be indifferent to Jeremy. Lalo pa at wala ang mga parents niya sa bahay para sabihin sa mga ito ang magandang balita. Halos liparin niya ang hagdanan papunta sa kuwarto nito.

Kumatok si Marnie.

Walang sumagot pero sigurado siyang nandoon si Jeremy dahil nakita niya itong dumating kanina.

Marahan niyang binuksan ang pinto.

“Jeremy?” tawag niya rito.

Natutulog ito sa kama.

Marahan siyang lumapit dito.

He was lying on the bed, walang suot na t-shirt. Muli ay naisip ni Marnie ang unang impression niya

Jeremy Takes A Bride - Carla Giopaolo

kay Jeremy. Mukha itong artista. At binatang-binata na ang hitsura nito ngayon, mula sa athletic nitong pangangatawan hanggang mukha, with his fine, almost perfect features.

It was his face that interested her most. Her gaze was drawn to his lips. His mouth was slightly open and Marnie, in all her sixteen-year-old innocence, found herself wanting to know how it would feel like to kiss him.

She didn't know what came over her. She was just blindly following her heart as she took careful steps toward his sleeping figure.

Isang halik lang. Ni hindi nito kailangang malaman ang gagawin niya.

It was a stupid thought because, foolishly, she believed she could get away with it.

She lowered her head to him and kissed him on his lips as lightly as she could.

Hindi na niya alam kung paano nangyari ang sumunod na pangyayari. Parang narinig niyang sinabi ni Jeremy ang kanyang pangalan bago niya naramdaman ang kamay nito sa kanyang leeg.

At hinahalikan na siya ni Jeremy. Isang totoong

Jeremy Takes A Bride - Carla Giopaolo

halik, parang halik na nakikita niya sa pelikula at television. She found herself beneath him and she was kissing him back like she really knew how to kiss. She was kissing him with all the love she felt and couldn't say.

His hand moved under her shirt, caressing her stomach, moving upwards to her breast and stroking it freely. Wala siyang suot na bra dahil nasa bahay lang naman siya.

She lifted her arms around his neck and called his name.

Bigla ang paghinto ng lalaki sa ginagawang paghalik sa kanya nang marinig ang boses ni Marnie. Tiningnan siya nito na parang hindi makapaniwala. Daig pa ang napasong tumayo ito palayo sa kanya.

“Shit!” malakas na sabi nito sa galit na boses. “What the hell are you doing here?”

Nalito ang dalaga sa sitwasyon kaya hindi siya kaagad na nakapag-isip ng isasagot.

“Jeremy, please... I was just going to....” Hindi niya maituloy ang nais sabihin.

She was just going to what?

“Damn it, Marnie! Ganito ka ba kadesperado na

palayasin ako ng parents mo sa bahay na ito? That you would do this?"

Obviously, maling-mali ang interpretasyon ng binata sa sitwasyon.

Umiling si Marnie. "No. Jeremy, I—"

Nang sandaling iyon, muntik na niyang sabihin ang totoo. Muntik na niyang sabihin na mahal na niya ito para lang maipaliwanag ang sitwasyon, para lang hindi siya nito tingnan nang may ganoong galit sa mga mata. Pero hindi siya nito pinayagang magsalita.

"Well, this time, you win. Aalis na ako sa bahay na ito kung iyon talaga ang gusto mo."

No! sigaw ng isip ni Marnie. That was the last thing she wanted to happen.

Ang gusto niya...

Ang gusto ng dalaga ay hindi niya kayang ipaliwanag. Gusto niyang mahal din siya ni Jeremy.

Pero hindi niya pa rin alam kung paano sabihin iyon.

"Jeremy..." muli niyang tawag sa pangalan nito, willing him to feel what she was feeling instead.

Pero galit ang boses nito nang sumunod na

Jeremy Takes A Bride - Carla Giopaolo

magsalita at alam niya na nakagawa na ito ng maling conclusion at hindi siya paniniwalaan ng binata kahit pa anong paliwanag niya.

“Get out of my room!”

“Please, no...”

“I told you to get out, Marnie!”

Mas humina ang boses nito pero somehow, it made him more frightening.

Lumabas siya ng silid ni Jeremy.

Hindi nito nakita ang pag-iyak niya. At least, she had had enough sense to keep a little of her pride.

And Jeremy did leave their house soon after that incident.

Nagpaalam ito sa mga magulang niya. Mas convenient daw kung titira ito sa isang bahay malapit sa campus. Besides, gusto na nitong subukan na magsarili. Wala na ring isang taon at hindi na nito kailangan ang guardianship ng daddy niya, awtomatikong mapapalipat na rito ang yamang iniwan ng mga magulang. Iyon daw ang tamang panahon para i-test ang sense of responsibility nito.

Jeremy Takes A Bride - Carla Giopalo

Bihira na silang magkita pagkatapos noon. Kung minsan ay dumarating si Jeremy para mag-dinner sa bahay nila, pero para hindi sila mailang sa isa't isa, isinasabay ni Marnie ang gabing iyon na may date siya o gimmick kasama ang mga kaibigan.

Paminsan-minsan ay nagkakasalubong sila sa campus ng *Ateneo*, nagkukumustahan. Pero dahil parehong hindi nila maiwasan na maasiwa sa isa't isa, minabuti niyang iwasan ito. Kontento na siyang panoorin ang lalaki mula sa malayo.

The only other time na nagkasama sila ay kung may special na okasyon tulad ng Pasko at Bagong Taon maging nang i-celebrate ni Marnie ang kanyang eighteenth birthday. Sa bahay nila idinaos ang celebration at si Jeremy ang kanyang partner, ayon na rin sa kagustuhan ng kanyang mga magulang.

Nang maka-graduate ang lalaki ng college ay kaagad itong tumanggap ng job offer mula sa isang multinational company na nag-assign dito sa ibang bansa.

And so, seven years ago, Marnie said goodbye to him. Kasama niya ang mga magulang na naghatid dito sa airport.

Bago pumasok ang binata sa entrance ng

departure area ay lumington ito sa kanila, para kumaway ng pamamaalam.

She felt that his gaze lingered on her. Masyadong malayo para makita niya ang mga mata nito, pero may naramdaman siya sa tingin na iyon. Saglit lang ang sandaling iyon. Parang imahinasyon lang ng dalaga ang naramdaman.

Pagkatapos ay wala na si Jeremy.

At ngayon, matapos ang pitong mahabang taon ay darating na ito. At hindi niya mapigilan ang tuluy-tuloy na pag-iyak.

“Marnie,” alo ni Lori habang hinahaplos siya sa likod. “Okay lang iyan.”

Gusto niyang itanong dito kung paano magiging okay ang lahat.

“Bakit ganoon? Karma ko ba ito sa lahat ng masasamang bagay na inisip at ginawa ko sa kanya? Kung puwede lang... kung puwede nga lang ulitin lahat, I would go back to the time I was ten and I promise, I would smile at him and welcome him. Kasi naiisip ko, siguro kung ganoon ang ginawa ko, he won't be always breaking my heart.”

3

Nakatayo si Marnie sa harap ng salamin at tinitingnan ang kanyang reflection. Sinisiguro niyang maayos ang kanyang hitsura hindi dahil vain siya kundi dahil kasama sa trabaho niya bilang editor ng isang sikat na glossy fashion magazine ang parating maging maayos, maganda at mabango.

Inaayos niya ang pagkakalagay ng isang hikaw nang may kumatok sa pinto ng kanyang silid.

“Bukas ‘yan,” imbita niya.

Nagbukas ang pinto at sumilip ang Yaya Merce niya.

“Good morning,” nakangiting bati ni Marnie.

“Pinapatawag ka na nina Mommy mo. Breakfast na raw,” sabi nito. Nakangiti nang misteryosa ang yaya niya at hindi niya alam kung bakit.

Lumabas siya ng kuwarto at naglakad patungong dining room. Nauulinigan na niya na may ibang boses sa silid. Kinabahan na siya, nagduda kung sino ang nagmamay-ari ng tinig na iyon. Ngunit mamayang gabi pa ang dating nito, di ba? Naisip niya na sobra

lang siyang tense sa ideya ng pagdating nito kaya kung anu-ano ang nai-imagine niya.

Pero nang makarating siya sa dining room ay kaagad niyang nalaman ang dahilan sa ganoong ngiti ng yaya niya.

Dumating na si Jeremy!

Parang naramdaman ang paglapit ng bagong dating, tumigil ang binata sa pakikipag-usap sa kanyang ina at tumingin sa direksyon niya.

Tila may pumiga sa puso ni Marnie nang makita ito. His eyes were focused on her at hindi siya kaagad makagalaw. Kung humakbang siya, baka bumigay ang mga binti niya.

“Hi!” Sabay halos silang nagsalita.

Natawa si Mrs. Fortaleza.

“Hi? Ano ba kayong dalawa? Sa tagal n’yong hindi nagkita, hi lang ang sasabihin n’yo sa isa’t isa?”

Napangiti si Jeremy sa sinabi ng ginang. Tumayo ito at lumapit sa kanya.

“It’s good to see you again, Marnie,” sabi ng lalaki bago siya halikan sa pisngi at yakapin.

Her first impulse was to return his embrace and

never let go. She could smell him and it was as if his warmth and scent were enveloping her, making her feel the way she felt when she was sixteen. She felt the same way when she turned eighteen and it was then that she realized she loved him completely. At sa mga sandaling ito, wala siyang ibang hiling kundi yakapin ni Jeremy nang ganito.

God, gaano ba niya katagal hinintay ang sandaling ito? Ang pakiramdam ni Marnie ay sasabog ang kanyang puso sa pagpipigil na hawakan din si Jeremy nang mahigpit. Ngunit natakot siyang maramdaman na higit pa sa isang yakap at isang simpleng halik sa pisngi ang nais niya.

Natakot ang dalaga na baka makita ng lahat kung gaano niya kamahal ito. So she gave him a little hug bago marahang kumawala.

“Good morning, Mom.” Lumapit siya sa ina at binati ito ng halik sa pisngi. Ganoon din ang ginawa niya sa ama bago siya umupo sa kanyang puwesto sa mesa.

Naramdaman niya ang pagsunod ng tingin ni Jeremy sa kanya, pero hindi niya kayang tumingin dito para tiyakin iyon.

Habang kumakain ay saka lamang siya

sumusulyap dito kapag nakikipag-usap ito sa kanyang mga magulang.

He really had the most soulful eyes, naisip niya.

Ang mga mata ni Jeremy, kapag nakatingin sa isang tao ay parang binabasa kung ano ang nasa kaloob-looban nito.

“Nauna po ako kay Ella nang ilang araw kasi wala rin naman kaming makuhang flight na sabay kung hihintayin ko siya. I will probably stay at the *Makati Shangri-La* while I’m here,” sabi ng binata sa mommy niya.

Narinig ni Marnie ang pangalan ng babaeng iyon at nabalik siya sa katotohanan ng tunay na dahilan kung bakit umuwi si Jeremy.

“Nonsense,” sagot ni Mrs. Fortaleza. “I won’t let you stay in a hotel, matapos kang mawala nang matagal. Dito ka na lumaki, Jeremy, this is your home too. This had always been your real home kahit pa ano’ng sabihin mo. Dito ka titira. Hindi ba, Marnie?”

Sa kanya kaagad tumingin si Jeremy nang ibato ng ina sa kanya ang tanong na iyon. Pero natagalan pa bago niya na-realize na nakatingin din sa kanya ang mga magulang, naghihintay ng kanyang kasagutan.

Nang hindi siya sumagot ay tinanong na siya ng daddy niya. “Marnie?”

Binawi niya ang pagka-flustered sa pamamagitan ng isang ngiti. “Of course. Mom’s right, dito ka na lang mag-stay, Jeremy.”

This made Jeremy smile. “Okay. That would actually be great. I miss this place. Thank you,” pagpayag nito.

His smile did something funny inside Marnie. Tuloy ay naisip niya kung paano kaya niya kakayaning tumira sa isang bahay kasama si Jeremy kung ganito siya ka-affected ng simpleng ngiti pa lamang.

Pagdating ni Marnie sa opisina, hindi rin nag-improve ang condition niya matapos siyang ngitian ni Jeremy habang nag-aalmusal sila. All of a sudden, she was imprisoned in a dream-like state where all the feelings inside her were enveloping her and everything else around her was in a big emotional bubble.

Limang beses na niyang binasa ang isang article tungkol sa South Beach diet para sa next issue ng magazine, pero wala siyang naiintindihan. Bumabalik siya parati sa first paragraph.

Nagulat pa ang dalaga nang tumunog ang telepono sa ibabaw ng kanyang desk, but she was actually glad for the distraction.

Inangat niya ang receiver.

“Hi, beautiful,” bati ng nasa kabilang linya.

“Rommel,” sagot ni Marnie nang mabosesan ang thesis partner noong college at isa sa pinakamalapit niyang kaibigan hanggang ngayon.

“Dinner tayo after work?” sabi nito.

Nag-alangan siya.

She would rather be home kasi nandoon si Jeremy. But on the other hand, hindi naman niya alam kung ano ang gagawin sa presence ng binata.

Nang hindi siya sumagot kaagad ay iba ang naging interpretation ni Rommel sa katahimikan niya.

“Okay. I promise, friendly dinner lang. Hindi ako magtatapat ng wagas kong pagmamahal para sa iyo like I did the last time,” biro ng kausap.

Natawa siya. The good thing with Rommel was, kahit tatlong beses na yata niya itong binasted ay nanatili pa rin silang mabuting magkaibigan. At kaya nitong pagtawanan ang sitwasyon.

Dinner? Bakit nga ba hindi? The truth was, gusto niyang makita si Jeremy pero natatakot siyang umuwi. Natatakot siyang makita ulit ang kauna-unahang lalaking nagpatibok ng kanyang puso. Natatakot si Marnie sa mga nararamdaman niya kapag naroon ito.

“All right. I’m off after six o’clock at nasa service center ‘yung car ko so you have to pick me up.”

Halos narinig niya ang ngiti nito. “Ayus. I’ll be there.”

Muli siyang natawa sa pagkakasabi nito ng ‘ayus.’ It was a college expression na hindi nito na-outgrow. She felt comforted by the familiarity of it.

Hindi naman nagsisi si Marnie sa desisyon. She did have a great time with Rommel. Naghapunan sila sa paborito nilang restaurant sa *Greenbelt*, pagkatapos ay nagkape sa *Figaro*. Past midnight na nang ihatid siya nito dahil hindi ito maubusan ng kuwento tungkol sa bagong trabaho.

Minsan iniisip niya na sana in love na rin siya kay Rommel. Things would have been simpler. Guwapo naman ito. Matalino rin, EVP na ng isang telecommunications company and they got along so well.

Isa na lang yata talaga ang problema. Si Rommel ay hindi si Jeremy.

“Uuy, tinititigan ako,” narinig niyang sabi ng kaibigan. “Nagkakagusto ka na rin sa akin, ano?”

Despite her thoughts, natawa si Marnie nang malakas. Napatakip siya sa bibig. Sobrang late na at nakatayo sila sa tapat ng pinto ng bahay. Baka may magising sa ingay nila.

“Mukha kang ungek,” sabi niya.

Ngumisi ang binata. “Sabi ko na nga ba, eh, naguguwapuhan ka sa akin. Are you sure you are not falling in love with me?” Inilapit nito ang mukha sa kanya at sa pag-urong niya ay mapasandal siya sa pader ng bahay.

“Sira!” Natawang itinuon ng dalaga ang kamay sa dibdib nito para hindi na makalapit pa sa kanya.

Sabay ang pagbukas ng pinto at ilaw.

Sabay rin ang pagkabiglang naglayo silang dalawa at tumingin sa bukas na pinto. Para tuloy silang guilty teenagers na nahuli sa akto ng paghaharutan.

“Jeremy!” Even her voice sounded guilty. Hindi alam ni Marnie kung bakit.

Jeremy Takes A Bride - Carla Giopaolo

Mas naunang nakabawi ng composure ang kasama niya.

“Hi! I’m Rommel.” Iniabot nito ang kamay sa hindi pa rin nagsasalitang tao na nagbukas ng pinto.

“Jeremy.” Tinanggap nito ang kamay ng kanyang kaibigan pero hindi ngumiti.

“Rommel is... ah, a very good friend.” Sigurado ang dalaga, hindi niya kailangang ipaliwanag iyon but she was feeling rather foolish. Marahil ay dahil sa tingin nito sa kanilang dalawa. “And, Rommel, Jeremy is....” Tumigil siya.

Paano niya ba ipapakilala si Jeremy? She couldn’t possibly say that he was the love of her life, could she?

Naghihintay ang dalawang lalaki sa sasabihin niya bilang pagpapakilala kay Jeremy.

She decided to take the coward’s way out.

Tiningnan niya ang relo. “It’s late. Rommel should be going na.”

Buti na lang at marunong makisama ang kaibigan. “You’re right. I better go. So, paano? I’ll pick you up tomorrow?”

Si Jeremy ang sumagot, “Don’t bother. Ihahatid

ko na lang siya.”

Napatingin siya rito. Saan nanggaling ang hatirang iyon, eh, ni hindi pa nga sila nag-uusap ng tungkol sa kahit ano?

“I have some business in Makati, I can drop you off,” he said curtly.

Tumingin sa kanya si Rommel upang humingi ng confirmation sa sinabi ni Jeremy.

Tumango siya para lang matapos na.

“Okay. Good night, Marns.” Hinalikan siya nito sa pisngi tulad ng nakagawian kung nagpapaalam. Nakipagkamay ulit ito kay Jeremy pagkatapos. “Sige, pare.”

Jeremy was still looking at Rommel as if he was something that crawled out from under a rock hanggang makalabas ito ng main gate.

Nang mawala na ito sa paningin nila ay unang pumasok ng bahay si Marnie.

Nasa likuran niya si Jeremy nang magsalita ito. Bigla siyang humarap dito nang hindi nare-realize kung gaano ito kalapit sa kanya kaya halos nabundol siya sa dibdib nito.

“Ano ba?” sabi niya, sabay layo sa lalaki.

“Parati bang ganito ka-late ka na umuwi?” Hindi nito hinintay ang kanyang sagot sa unang itinanong. “That Rodel should know better than keep you this late. May trabaho ka bukas, di ba?”

Hindi niya ikinatutuwa na itinatrato siya ng lalaki na parang isang adolescent.

“Look, Rommel and I are both adults,” katuwiran niya.

“Right. Gaano katagal mo na ba kilala iyang Roel na iyan?”

Napatiim-bagang si Marnie. “Mind your own business, Jeremy.”

Parang wala itong narinig. “Does that Joel know na madali kang magkasakit kapag nasosobrahan ka ng pagod o puyat?”

Naubos na ang pasensya niya. “Rommel. His name is Rommel. And what is this all about? Are you back to playing big brother again?”

Bago pa nakasagot ang binata ay sumindi ang ilaw sa second level ng bahay.

Dumungaw pababa ang mommy niya.

“Akala ko kung ano’ng nangyayari dito. Kayo palang dalawa.” Pagkasabi niyon ay tumalikod na ito pero narinig nila ang bulong nito sa sarili. “Back to normal. Unang gabi pa lang magkasama, nag-aaway na.”

Muling nagsalubong ang kanilang mga mata.

Si Marnie ang unang sumuko.

Hindi niya kayang makipaglaro ng titigan kay Jeremy, baka may mabasa ito sa mga mata niya na hindi nito dapat malaman.

“I’m going to bed,” sabi ng babae. “Good night, Jeremy. I’m sorry if I bothered you.”

Sinundan ng tingin ni Jeremy ang dalaga paakyat ng hagdanan.

He realized that he had acted like a complete jerk. Ano nga ba ang ikinagagalit niya? Dahil late umuwi si Marnie? O dahil ba may kasama itong umuwi? Tama ang dalaga, it wasn’t his business. Not anymore.

Marnie had grown up. Hindi na ito ang batang una niyang dinatnan sa bahay na ito.

Iyong batang ayaw sumalubong sa kanya noon. Naalala pa niya ang hitsura nito nang una niyang makita. Mugto ang mga mata, magulo ang buhok, nakapantulog pa rin kahit alas dos na ng hapon. He thought she was the most beautiful young girl he had ever seen.

Alam niyang sa simula pa lang ay ayaw na ni Marnie sa pagtira niya sa bahay ng mga Fortaleza. Alam din ni Jeremy ang lahat ng mga ginawa nito para umalis siya. Mula sa paglalagay sa silid niya ng mga bagay na akala nito ay ikakatakot niya—plastic na ahas at gagamba, pagtatago ng textbooks niya the night before an exam hanggang sa pagtitimpla ng juice na iodized salt ang ginamit minsang mag-imbita siya ng kabarkada sa bahay, pagbutas ng gulong ng kanyang kotse kapag may importanteng lakad siya.

Still, he used to have the most stupid crush on her. Imbis na magalit ay natatawa lang ang binata sa mga ginawa nito. He found them amusingly cute rather than malicious kahit pa nakakalito ang mga mood swings ni Marnie at pagbabago ng pakikiharap sa kanya na minsan ay sweet, mas malimit ay masungit.

Nang kalaunan, ang pakiramdam ni Jeremy ay parang half-hearted na lang ang pagiging maldita nito sa kanya. Nagkaroon na rin ng semblance ng

kapayapaan between the two of them sa tahanang ito.

Pero nagkamali pala siya. All along na wala itong ginagawa sa kanya, naghihintay pala ang dalaga na gawin ang isang master plan na talagang magpapaalis sa kanya sa bahay na iyon kagaya ng kagustuhan nito.

Galing siya sa morning basketball game noon. Napahaba ang laro at pagod na pagod siya.

Pagdating sa bahay ay kaagad siyang nag-shower. Hindi na siya nagsuot ng t-shirt, humiga lang siya sa kama para magpahinga at mabilis na nakatulog.

Una, ang akala ni Jeremy ay nanaginip siya. And it had been the nicest dream. He first felt her breath against his lips and then he felt her mouth against his.

In his dreams, Marnie was kissing him.

He responded by wrapping his arms around her and kissing her back the way he had always dreamt of kissing her. He kissed her in his dreams because he knew it was the only place he could do so. And then, she was lying beneath him and her skin felt so good against him. She tasted so sweet. She was soft and smooth and she smelled like heaven. And he never wanted to wake up, never wanted that moment to end.

Hanggang tinawag ng dalaga ang kanyang pangalan.

Hanggang sa madiskubre ni Jeremy na hindi na pala siya nananaginip.

At nagising siya nang tuluyan. Totoong naroon si Marnie!

Nagalit siya sa dalagita dahil kung kailan inakala niya na magiging maayos na ang samahan nila, that the girl had matured somewhat ay saka naman ito gumawa ng ganoong pakana.

Ano na lang ang iisipin ng mga magulang nito kapag nalaman ang nangyari...?

They trusted him with their daughter pagkatapos ay mangyayari iyon? At sa mismong loob pa ng tahanan ng mga ito!

Pero hindi lang iyon ang ikinagalit ni Jeremy.

Mas nagalit siya sa sarili dahil parang matutunaw ang kanyang puso habang tinitingnan ang hitsura ni Marnie nang sandaling iyon.

He should know better than take her at face value but her hair was ruffled, her mouth swollen from his kiss and there were tears in her eyes. She had never looked so vulnerable. Or beautiful.

Jeremy Takes A Bride - Carla Giopaolo

Hanggang ngayon, hindi pa rin niya malimutan ang tingin sa mga mata nito.

It was as if she really wanted him, as if....

Nagalit si Jeremy sa sarili for dreaming the impossible, for wanting it too much.

Sinigawan niya si Marnie para lumabas sa kuwarto. Kinailangan niyang gawin iyon kahit ang tanging gusto niya ay manatili ito sa kanyang tabi, sa kanyang yakap.

At habang pinanonood ang paglabas ng dalaga sa kanyang silid, pakiramdam niya ay parang sasabog ang dibdib niya.

He was angry at himself dahil hindi niya mapigilan ang nararamdaman.

He was in love with the one girl he could never have.

Dahil doon ay nalaman ni Jeremy ang dapat gawin.

Kailangan niyang umalis dahil hindi na niya kayang manatili sa bahay na iyon kung ganoon ang kanyang pakiramdam. Kailangan niyang umalis dahil kung hindi, darating ang pagkakataon na hindi na niya kayang pigilan ang nararamdaman.

Jeremy Takes A Bride - Carla Giopaolo

Leaving the house where Marnie lived was the second hardest thing he had ever done. The hardest was when he left for the US. It was torture nang iwan niya ito sa airport noong patungo siya sa Amerika dahil alam niya, matatagalan bago sila muling magkita.

Mula sa malayo, doon sa sigurado siyang hindi na makikita ng babae ang nararamdaman niya ay tiningnan niya ito nang matagal, making sure he would remember how she looked that day.

Nakatayo si Marnie sa tabi ng mga magulang nito na para bang ipinaalala sa kanya kung bakit hindi sila puwede. Inaalagaan siya ng mommy at daddy nito na parang isang tunay na anak. Mali na sirain niya ang tiwala ng mag-asawa dahil lang sa nararamdaman niya sa kaisa-isang anak ng mga ito.

Iyon ang dahilan why she must remain a dream. And he knew that the girl absolutely hated him.

So, that day at the airport, with one last look at her beloved face, he had said goodbye to the dream of her.

Maayos naman ang naging buhay ni Jeremy sa America. Natapos siya ng masteral degree in Business Administration just after two years of working and

studying there.

Noong simula, he lived for the time na makakatanggap siya ng balita mula sa Pilipinas. Kapag may nag-e-mail o sumulat, ang unang hinahanap niya ay ang pangalan ni Marnie. Kapag tumatawag siya sa Pilipinas para mangumusta, he would foolishly strain dahil baka sakaling marinig niya ang boses nito sa background, pero naduduwag naman siyang tanungin kung puwede niyang makausap ito.

Si Marnie mismo ay hindi sumusulat sa kanya. Nakakatanggap lamang siya ng simpleng card na may simpleng pagbati kapag Pasko at birthday niya. Simple, pero iyon ang pinakahihintay ni Jeremy tuwing may okasyon.

Ilang taon na rin siyang namamalagi sa Amerika noon, pero hindi pa rin siya nakikipag-date man lang. Hanggang dumating ang panahon na naisip niya na mali iyon. Na kung talagang ang gusto niya ay makalimot sa babaeng iniibig, ang kailangan niyang gawin ay tumigil na sa pag-iisip dito. He should let go of her and move on with his life.

Nagsimula siyang makipag-date sa ibang mga babae. Girls were readily available at unti-unti, nagsimula siyang makalimot. Subalit matagal bago nakahanap si Jeremy ng tamang babae para sa kanya.

Mahigit dalawang taon na ang nakaraan ay nakilala niya si Ella. Occupational therapist ito sa isa sa mga subsidiaries ng kompanyang pinagtatrabahuhan niya. Ella was beautiful, smart and strong-willed. Nagkakasundo sila sa halos lahat ng bagay. Hindi ito naging mahirap mahalín dahil mabait din, maalahanin at prangka kung magsalita.

In a much more quiet way, and in a sense, more comfortable manner kaysa pagmamahal niya kay Marnie ay natutunan niyang mahalín si Ella. Alam ni Jeremy, magiging masaya silang magkasama because they liked so many of the same things and they were intellectually compatible.

After two years of going steady, nagdesisyon silang magpakasal. Nagdesisyon din silang umuwi sa Pilipinas para makilala ang pamilya ng isa't isa.

Dapat ay sabay silang darating ngunit nagkaroon ng emergency sa trabaho ng kanyang fiancée kung kaya nauna siya nang ilang araw dito. Mahirap nang mag-rebook ng ticket para sa dalawang tao.

Kaninang umaga nang dumating si Jeremy sa bahay na ito, hindi niya alam kung ano ang inaasahan niyang makita o maramdaman kapag nagkita ulit sila ni Marnie.

Jeremy Takes A Bride - Carla Giopaolo

He had seven years of convincing himself that she was almost like a sister to him.

He had seven years of mindset which seemed to dissolve nang makita niya ang dalaga.

He and Marnie's parents were talking about something trivial nang maramdaman niya ang presence ng dalaga. Tumingin siya sa direksyon kung saan ito naroon. Nakatayo ito sa entrance ng dining room, isang tunay na prinsesa.

He felt like someone punched him in the stomach. Stupidly, kailangan pang magsalita ni Tita Nina para maalala ni Jeremy ang kinaroroonan, bago niya naalalang tumayo upang lumapit sa dalaga.

He greeted her with a simple peck on the cheek and a hug, all of sudden regretting that he had missed seeing so much of her life for the last seven years. He hugged her to him and all the familiar feeling of protectiveness and affection rushed in him again.

Yes, Marnie had grown up.

She had looked so much lovelier than he remembered. And quieter, more graceful somehow.

Bahagya lang nitong ginantihan ang yakap niya at bahagya pa rin siyang naapektuhan ng rejection

na iyon. Wala rin itong imik habang nag-aalmusal, tahimik lang na nag-oobserba at nakikinig sa usapan. May pakiramdam pa nga si Jeremy na iniawasan din nito na mapatingin sa kanya maliban sa mga sandaling akala nito ay hindi siya nakatingin.

Hindi niya mabasa kung ano ang tumatakbo sa isip ng babae. Pero ngumiti ito para sang-ayunan ang imbitasyon ng ina na manatili siya sa bahay ng mga ito at naramdaman niyang sincere naman ang pagsang-ayong iyon. More than anything, the smile made him decide to stay. Pero ngayong gabi ay parang pinagsisihan niya ang desisyong iyon.

Kanina ay hindi makatulog si Jeremy. Nakikiramdam kasi siya. Nag-alala siya na gabi na ay wala pa ang dalaga. At nang sa wakas ay narinig niyang dumating na ito, ang tagal naman niyang pinakiramdaman ang pagpasok nito ng bahay.

Nang matagalan pa si Marnie ay bumangon siya at lumabas ng silid upang tingnan kung bakit hindi pa ito pumapasok sa loob ng bahay.

What he found outside the door irritated him no end. He didn't like seeing her with that man.

Ipinakilala ito ni Marnie bilang isang kaibigan, pero kailangan niyang maging bulag para hindi

mahalatang in love ang lalaking iyon sa dalaga.

Kanina bago siya iniwan nito para umakyat sa silid, she actually sounded like the old Marnie, baiting him and frustrating him. Ngunit sa huli, ang dalaga rin ang unang nag-back out sa confrontation na iyon.

Iyon na yata ang kahuli-hulihang bagay na gagawin ng Marnie na kinasanayan niya noon, ang mag-back out sa isang argument. That Marnie would have fought it with him through and through.

Sa kabuuan ng araw na iyon, ilang klase na yata ng Marnie ang nakasalamuha niya and not one was good for his peace of mind.

Pinakawalan ni Jeremy ang isang buntong-hininga. He would only be too glad when Ella finally arrives next week.